

Ikaw ang Pipili

Mga Kagamitan sa Personal na Pagpaplano

Talaan ng Nilalaman

A. Panimula	1
B. Pangmatagalan na Power of Attorney (EPOA)	3
C. Kasunduang Maging Kinatawan (Representation Agreement (RA))	8
D. Kasunduang Maging Kinatawan para sa mga Gawaing Pinansyal (Representation Agreement for Financial Affairs (Financial RA7))	12
E. Kasunduang Maging Kinatawan para sa mga Desisyong Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Representation Agreement for Personal and Health Care Decisions (Personal/Health Care RA9))	15
F. Maagang Tagubilin (Advance Directive)	20
G. Pagnonominat ng isang Committee (Nomination of a Committee)	21
H. Iba pang mga Isinasaalang-alang sa Personal na Pagpapalano	23
Helpful Links	23
Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee	24

A. Panimula

Ang personal na pagpapalano ay mahalaga para matiyak na ang iyong mga kagustuhan ay iginagalang kapag dumating ang panahon na kailangan mo ng tulong o umasa sa ibang tao upang gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Noong Setyembre 1, 2011, ilang bagong opsyon para sa personal na pagpapalano para sa hinaharap na kawalan ng kakayahang pangkaisipan ay magagamit na kasama ang iba pang mga umiiral na opsyong binago. Ang mga opsyong ito sa personal na pagpapalano ay madalas na tinutukoy na opsyon na pagpapalano nang maaga.

Karamihan sa atin ay umaasang gumawa ng sariling pagpapasya sa buong panahon ng ating buhay, ang pagpili ng kung saan tayo titira, pamamahala ng ating pera, at paggawa ng mga desisyon tungkol sa ating kalusugan. Ngunit ang buhay ay walang katiyakan. Ang isang biglaang aksidente o karamdaman ay maaaring baguhin ang lahat. Minsan, ang ating kakayahang gumawa ng mga desisyon ay unti-unting humihina habang tayo'y tumatanda. Ang pinakamahusay na magagawa natin para sa ating sarili at para sa mga taong nagmamahal sa atin ay ang magplano nang maaga. Maraming mga tao ang nagpapalano nang maaga sa pamamagitan ng paggawa ng testamento kung saan maaari nilang sabihin kung sino ang mamamahala ng kanilang ari-arian kapag sila ay namatay at kung sino ang magmamana ng mga ari-arian. Gayunman, hindi natin laging iniisip ang tungkol sa kung paano magplano sa hinaharap kapag kailangan na natin ng isang tao upang tumulong o gumawa ng mga desisyon para sa atin o tumulong na matiyak na matutupad ang ating mga kagustuhan.

Sa BC, ang mga nasa hustong gulang ay mayroong mapagpipiliang mga legal na opsyon sa personal na pagpapalano na magagamit upang masigurado na ang iyong kahilingan ay masusunod kapag dumating ang pangangailangan. Kung mayroon kang isang taong mapagkakatiwalaan, may mga paraan upang bigyan ang taong iyon ng legal na awtoridad upang kumatawan sa iyo at matiyak na ang iyong kahilingan ay ipatutupad. Ang mga opsyon sa pagpapalano ay bahagi ng mga batas sa pangangalaga ng nasa hustong gulang (adult guardianship laws), na ginawa para matiyak na ang tinig ng mga nasa hustong gulang sa BC ay maririnig kapag sila ay hindi na magagawang magsalita para sa kanilang sarili.

Kabilang sa mga pangunahing prinsipyong kasama sa batas sa pangangalaga ng nasa hustong gulang ay:

- May pag-aakala na ang lahat ng nasa hustong gulang ay may kakayahang gumawa ng mga desisyon hangga't hindi nangyayari ang kabaligtaran nito
- Ang paraan ng pakikipag-usap ng isang nasa hustong gulang sa ibang tao ay hindi batayan para sa pagpapasya na siya ay wala nang kakayahang gumawa ng mga desisyon
- Lahat ng mga nasa hustong gulang ay may karapatang mamuhay sa paraang nais nila at tumanggap o tumanggi ng suporta, tulong o proteksyon, hanggang hindi sila nakakapinsala sa iba at sila ay may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga mahahalagang bagay
- Lahat ng mga nasa hustong gulang ay dapat tumanggap ng lahat ng pinakamabisa, ngunit hindi mapanghimasok na paraan ng pagsuporta, tulong o proteksyon kapag ang mga ito ay hindi na kayang pangalagaan ang kanilang sarili o ang kanilang mga gawaing pinansyal
- Hindi dapat hilingin sa hukuman na mag-appoint, o di dapat mag-appoint ng mga guardian o tagapag-alaga maliban kung ang mga alternatibo, tulad ng suporta at tulong, ay nasubukan na o maingat na isinaalang-alang

Tatalakayin sa gabay na ito ang mga sumusunod na opsyon sa personal na pagpapalano:

- Pangmatagalan na power of attorney (Enduring power of attorney (EPOA))
- Kasunduang maging kinatawan para sa mga gawaing pinansyal (Representation agreement for financial affairs (Financial RA7))
- Kasunduang maging kinatawan para sa mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan (Representation agreement for personal and health care decisions (Personal/Health Care RA9))
- Kasunduang maging kinatawan sa mga karaniwang probisyon para sa mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan (Representation agreement with standard provisions for personal and health care decisions (Personal/Health Care Standard RA7))
- Maagang tagubilin para sa pangangalaga ng kalusugan (Advance directive for health care (Advance Directive))

- Pagnonominat ng isang committee ng ari-arian at /o tao (Nomination of Committee)

Inihanda ang gabay na ito upang tulungan kang maunawaan ang mga opsyong sa pagpapalano, kapag kailangan mo na itong gamitin, at mga bagay na dapat pag-isipan bago ka gumawa nito. Ito ay batay sa batas na sinimulang ipatupad noong Setyembre 1, 2011. Maaaring mayroon ka ng nakahandang mga legal na dokumento sa pagpapalano at nag-iisip kung kailangan mong gawin muli ang mga ito dahil sa bagong batas. Hinihikayat ka naming repasuhin ang patnubay na ito. Maaaring kailangan mo ng karagdagang impormasyon. Tingnan ang Helpful Links section sa dulo ng patnubay na ito. Sa huli, maaari kang kumuha ng legal na payo upang matiyak na ang iyong mga dokumento ay magkakaroon ng bisa para sa gusto mong mangyari at ang taong pipiliin mong gumawa ng mga desisyon ay magkakaroon ng kapangyarihang kinakailangan upang ipatupad ang iyong mga kagustuhan.

Ang mga kagamitang ito sa pagpapalano ay mga opsyon na maaari mong isaalang-alang. Hindi mo kailangang gumawa ng anumang mga pakikipag-ayos sa pagpapalano para sa iyong sarili. Tandaan, IKAW ANG PIPILI.

Buod ng mga opsyon sa personal na pagpapalano

Inilalarawan ng sumusunod na chart ang pangkalahatang ideya sa mga diin sa paggawa ng desisyong saklaw ng ibat-ibang opsyon sa pagpapalano. Gayunpaman, ang saklaw ng paggawa ng desisyon ay maaaring batay sa opsyong ginamit. Halimbawa, ang isang mas malawak na mga pinansyal na desisyon ay maaaring saklaw ng isang pangmatagalan na power of attorney (EPOA) kaysa ng isang kasunduang maging kinatawan para sa mga pinansyal na usapin (Financial RA7).

Diin ng Desisyon	Gawaing Pinansyal	Gawaing Legal	Personal na Pangangalaga	Pangangalaga sa Kalusugan	Pagpasok sa Facility
Mga Legal na Opsyon					
Pangmatagalan na Power of Attorney (EPOA)	Oo	Oo	Hindi	Hindi	Hindi
Kasunduang maging Kinatawan para sa Pangangasiwa ng mga Karaniwang Gawaing Pinansyal (Financial RA7)	Oo*	Oo*	Hindi	Hindi	Hindi
Kasunduang maging Kinatawan para sa mga Desisyong Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Personal/Health Care RA9)	Hindi	Hindi	Oo	Oo	Oo
Kasunduang maging Kinatawan para sa mga Desisyong Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Personal/Health Care RA7)	Hindi	Hindi	Oo**	Oo**	Hindi
Maagang Tagubilin para sa Pangangalaga ng Kalusugan (Advance Directive)	Hindi	Hindi	Hindi	Oo	Hindi
Pagnonominat ng isang Committee ng Ari-arian (Committee Estate)	Oo	Oo	Hindi	Hindi	Hindi
Pagnonominat ng isang Committee ng Tao (Committee of Person)	Hindi	Hindi	Oo	Oo	Oo

* Tandaan na ang Financial RA7 ay mas limitado kaysa sa isang EPOA

** Tandaan na ang Personal/Health Care RA7 ay mas limitado kaysa sa isang RA9

B. Pangmatagalan na Power of Attorney (EPOA)

Sa BC, mayroon tayong dalawang uri ng kapangyarihan ng abogado. Ang mga ito ay nilikha alinsunod sa Batas sa Power of Attorney (*Power of Attorney Act*).

Ang isang **pangkalahatan na power of attorney** (POA) ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa iyo na mag-appoint ng isang pinagkakatiwalaang tao upang mangasiwa ng iyong mga pinansyal na usapin sa iyong kagustuhan o sa iyong ngalan kapag hindi ka available. Ang POA ay maaring limitado sa isang account o ari-arian, o maaaring sakupin ang lahat ng iyong pinansyal at legal na mga gawain para sa isang takdang panahon. Ang isang pangkalahatan na kapangyarihan ng abogado ay nagtatapos kung ikaw ay mawalan ng kakayahan.

Ang isang **pangmatagalan na (enduring) power of attorney** (EPOA) ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa iyo upang bigyan ng legal na awtoridad ang isang taong pinagkakatiwalaan para mangasiwa ng iyong mga gawaing legal at pinansyal kung ikaw ay wala ng kakayahan at hindi makagawa ng iyong sariling desisyon o kailangan ng tulong sa paggawa ng desisyon. Ang taong pinapangalanan mo ay ang abogado mo.

Ang seksyong ito ay naglalarawan ng pangmatagalang kapangyarihan ng abogado. Hindi mo kailangang gumawa ng EPOA. Ikaw ang magpapasya. Ang EPOA ay isang paraan na maaari mong gamitin upang magplano para sa iyong hinaharap. May ilang mga panuntunan kung paano ginagawa ang EPOA at kung paano ito ginagamit. Ang ilan sa mga mahahalagang punto ay naka-highlight sa ibaba.

Ang mga nasa hustong gulang ay maaaring gumawa ng EPOA bago ng Setyembre 1, 2011. Gayunman, may malaking pagbabago sa mga patakaran ng paggawa at paggamit ng isang EPOA. Halimbawa, may mga restriction na ngayon abogado tulad ng mga pagbabawal sa pagbibigay ng mga regalo, mga pautang at mga donasyon, maliban kung nakasaad sa EPOA na may ispesipikong awtorisasyon ang abogado. Ang mga umiiral na balidong EPOA ay mananatiling may bisa at maaari pa ring gamitin. Gayunpaman, ang iyong abogado ay maaaring hindi maipatupad ang lahat ng iyong mga kagustuhan. Maaari mong repasuhin ang anumang umiiral na mga dokumento at humingi ng legal na payo kung sa tingin mo ay dapat kang gumawa ng bago.

Buod ng Pangmatagalan na Power of Attorney (EPOA)

Sino ang maaaring gumawa ng EPOA?

Ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC) ay maaaring gumawa ng EPOA maliban kung walang kakayahang maunawaan ang katangian at konsikwensya ng dokumento.

Sinasabi ng Power of Attorney Act na ang isang nasa hustong gulang ay hindi mauunawaan ang katangian at konsikwensya ng dokumento, kapag hindi nito nauunawaan ang mga sumusunod:

- (a) ang ari-arian ng nasa hustong gulang at ang tanyang halaga nito;
- (b) ang mga obligasyon ng nasa hustong gulang sa kanyang mga dependent;
- (c) ang abogado ng nasa hustong gulang ay maaaring gawin ang lahat ng bagay sa ngalan ng nasa hustong gulang na nauukol sa gawaing pinansyal, na ginagawa ng nasa hustong gulang kung may kakayahan, maliban sa paggawa ng testamento, na sumasailalim sa mga kondisyon at mga restriction na itinakda sa pangmatagalan na power of attorney;
- (d) kahit na ang abogado ay masinop na pinangangasiwaan ang negosyo at ari-arian ng nasa hustong gulang, ang halaga nito ay maaaring bumaba;
- (e) ang abogado ay maaaring gamitin sa maling paraan ang “attorney’s authority”; at
- (f) ang nasa hustong gulang ay maaari, kung may kakayahan, na mapawalang-bisa ang pangmatagalan na power of attorney.

Ano ang mga sakop ng isang EPOA?

Ang EPOA ay maaari lamang gamitin sa iyong mga gawaing legal at pinansyal.

Kasama sa mga gawaing pinansyal ang pagbabayad ng iyong bills, pagpunta sa iyong bangko, pamamahala ng iyong mga negosyo, pagbebenta ng iyong mga ari-arian o assets at pagbabayad ng iyong buwis.

Maaaring kasama rin sa mga gawaing pinansyal ang mga pinansyal na responsibilidad sa iyong dependents. Kabilang sa mga gawaing legal ang pagkuha ng isang abogado upang simulan o ipagtanggol ang isang legal action.

Maaari kang gumawa ng isang ispesipikong EPOA, o pwede itong maging malawak. Maraming EPOA ang malawak upang ang abogado ay magkaroon ng kapangyarihan na harapin ang anumang bagay na kailangang asikasuhin.

Hindi sakop ng isang EPOA ang mga desisyon tungkol sa iyong personal at pangangalagang pangkalusugan. Ang isang kasunduang maging kinatawan ay dapat gamitin kung gusto mong pumili ng isang taong gagawa ng mga desisyon para sa iyong personal at pangangalaga sa kalusugan.

Kailan magsisimula ang isang EPOA?

Ang EPOA ay magkakaroon ng bisa sa oras na pinirmahan mo ito at ng iyong abogado maliban kung tinukoy mo kung kailan ito magkakaroon ng bisa (tingnan sa ibaba). Kung hindi mo tinukoy kung kailan ito magkakabisa, maaari mong kausapin ang iyong abogado kung kailan at paano sisimulan ng abogado ang serbisyo sa iyo.

Maaari bang baguhin ang petsa ng pagsisimula ng EPOA?

Maaari kang magpasya kung kailan mo gustong magsimula ang awtoridad ng iyong abogado kung malinaw na nakasaad ito sa iyong EPOA. Halimbawa, pwedeng gusto mo itong magkabisa kapag ang family doctor mo ay may sulat ng pinirmahan na nagsasabing ikaw ay wala ng kakayahan.

Habang tinitiyak nito na ang iyong abogado ay hindi maaaring kumilos maliban kung ikaw ay wala ng kakayahan, ibig sabihin din nito ay wala silang awtoridad upang magsalita para sa iyo o tumulong sa iyo habang ikaw ay may kakayahan pa. Maaaring kabilang sa “assistance” ang pagsasaayos ng mga kumplikadong pinansyal na usapin, pagharap sa investment advisors, o kaya pakikipag-usap sa Canada Revenue Agency tungkol sa iyong tax return..

Maaari ka pa bang gumawa ng mga desisyon?

Sa ilalim ng batas, ikaw ay itinuturing na may kakayahan. Pwede kang patuloy na gumawa ng mga desisyon maliban kung hindi mo na kayang gumawa ng mga desisyon.

Kailan nagtatapos ang isang EPOA?

Magpapatuloy ang EPOA maliban kung pawalang-bisa mo ito o kung namatay ka. May ilang mga pangyayari na magiging sanhi din ng pagkawala ng bisa ng iyong EPOA. Ilan sa mga pangkaraniwan ay kapag:

- ang iyong abogado at sinumang kahalili ay hindi na available o kwalipikado para kumilos
- ang iyong kasal o relasyon na tulad ng mag-sawa ay natapos na at ang abogado mo ay iyong asawa, maliban kung nakasaad sa iyong EPOA na magpapatuloy ito
- ang isang kondisyon na inilagay mo sa iyong EPOA ay nangyari na
- Natapos ito sa utos ng hukuman

Ang iyong EPOA ay sinuspinde, at hindi maaaring kumilos ang iyong abogado kung, ang Public Guardian and Trustee (PGT) ay na-appoint na Committee of Estate ayon sa Certificate of Incapability na alinsunod sa *Patients Property Act* (Batas sa Ari-arian ng Pasyente).

Maaari bang baguhin o pawalang-bisa ang isang EPOA?

Maaari mong baguhin o pawalang-bisa ang iyong EPOA kung ikaw ay may kakayahan. Responsibilidad mo na tiyakin na ang abogado at “third parties” tulad ng iyong bangko ay maayos na naabisuhan ng mga pagbabago o pagpapawalang-bisa.

Babala: Ang paggawa ng isang bagong EPOA ay hindi awtomatikong mawawalan ng bisa ang isang dating POA o EPOA. Kailangan mong sundin ang mga panuntunan sa pagpapawalang-bisa.

Paano ginagawa ang isang EPOA?

Ang EPOA ay dapat na nakasulat at may “legal requirements” upang matiyak na ito ay maayos na mapirmahan. Inirerekumenda na humingi ng legal na payo mula sa iyong abogado o notaryo, o isang legal clinic sa komunidad.

Ang Ministry of Justice ay naglabas ng isang pormularyo na maaaring gamitin sa paggawa ng EPOA. Pwedeng masaklawan nito o hindi ang iyong mga sirkumstansya o pangangailangan. Aalertuhan ka nito sa ilang mga panuntunan na dapat sundin para sa isang wastong EPOA. Matatagpuan mo ang link sa hulihan ng patnubay na ito.

Ang ilan sa mga panuntunan na dapat malaman:

- ikaw at ang iyong abogado ay dapat pumirma sa harap ng mga saksi (witnesses)
- kung hindi ka makakapirma, maaari mong atasan ang isang tao na pumirma sa iyong ngalan
- dalawang saksi ang kinakailangan maliban kung ang saksi ay isang abogado o notaryo sa BC
- ang iyong abogado ay hindi maaaring maging isang saksi at hindi rin maaaring maging saksi ang asawa ng abogado, anak o magulang
- kung saklaw ng iyong EPOA ang real estate (hal., bahay o condo), isang abogado o notaryo ang dapat na saksi

Pagpili ng abogado para sa isang EPOA

Ang pagpili ng abogado ay maaaring maging isang mahirap na desisyon. Hindi mo kailangang gumawa ng EPOA kung ito ay hindi angkop sa iyo. Narito ang mga dapat na isaalang-alang:

Sino ang pwedeng maging abogado?

Maaari mong kunin ang sinuman na iyong pinagkakatiwalaan upang maging abogado mo. Pwede mong piliin ang iyong asawa, isang miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan. Kung ang taong iyon ay wala pa sa hustong gulang, hindi ito maaaring kumilos hanggang wala pa siyang 19 taon gulang.

Maaari mo ring kunin ang isang trust company, o isang credit union na awtorisadong magbigay ng mga serbisyong ito.

Mahalagang malaman na hindi mo maaaring kunin ang sinuman na binabayaran upang magbigay ng personal na pangangalaga o mga serbisyo sa pag-aalaga ng iyong kalusugan. Kabilang dito ang mga empleyadong nagtatrabaho sa pasilidad na tinitirhan mo na nagbibigay ng mga serbisyong ito. Mayroong “exception” kung ang abogado na pinili mo ay iyong asawa, anak o magulang.

Upang malaman kung sino ang magiging mabuting abogado para sa iyo, isaalang-alang kung sila ay “available” gayundin ang kanilang kaalaman at mga kasanayan.

Babala: Kausapin muna ang abogado bago magpatuloy. Ang abogadong kukunin mo ay hindi obligadong tanggapin ang tungkulin. Maaaring may mga “requirements” na kailangang isama sa iyong EPOA. Halimbawa, ang isang trust company o credit union ay kailangang matiyak na nakasaad sa EPOA ang tungkol sa kabayaran.

Mga tungkulin at mga responsibilidad

Ang maging isang abogado ay maraming mga responsibilidad. Hindi lamang ang mga tungkulin nila sa iyo, kundi may mga inaasahan at mga legal requirement. Ang iyong abogado ay inaasahang sumunod sa mga panuntunang ito. Nangangahulugan ito na kailangan nilang sumang-ayon na tanggapin ang responsibilidad, at na mayroon silang mga kasanayan, kakayahan at panahon upang gawin kung ano ang inaasahan. Ito ay napakahalaga kung ikaw ay wala ng kakayahan at hindi na maaaring pamahalaan kung ano ang ginagawa ng iyong abogado.

Kabilang sa mga tungkulin ng abogado ang:

- kumilos nang matapat at na may mabuting hangarin
- maging maingat, may kasanayan at kasigasigan ng isang masinop na tao
- gumawa lamang ng mga desisyon na awtorisadong gawin ng abogado
- mag-invest ng mga asset na ayon sa mga panuntunan ng *Trustee Act*
- pagpapanatili ng iyong mga asset na hiwalay sa mga asset ng abogado
- pagpapanatili ng mga talaan ng iyong asset at mga halaga nito, gayundin ang mga transaksyon sa gayon ay maisagawa ang accounting

Ang iba pang mga panuntunan para sa isang abogado ay ang mga sumusunod:

- ang iyong abogado ay hindi maaaring gumawa o palitan ang isang testamento
- mayroong mga restrictions sa paggawa o pagbago ng “beneficiary designations”
- ang iyong abogado ay maaaring umupa ng mga “agents” ngunit hindi maaaring magtalaga ng ibang tao upang gumawa ng mga desisyon maliban sa mga kwalipikadong investment specialists

Babala: Kapag kumuha ka ng dalawa o higit pang abogado at ang isa ay hindi na magawang kumilos para sa anumang dahilan, ang iba pang abogado ay maaaring ipagpatuloy ang pagkilos. Ito ay maaari o hindi ang gusto mo. Kung nais mo ng higit pa sa isang abogado, sa lahat ng oras, pero dapat na nakasulat ito sa iyong EPOA.

Mga bagay na dapat na talakayin sa iyong abogado

Kahit na pinagkakatiwalaan mo ang isang tao na susunod sa mga tungkulin at responsibilidad, isang mabuting ideya na kausapin muna ang iyong abogado ukol sa iyong plano. Kung sumang-ayon siya na tanggapin ang tungkulin, maaaring talakayin mo sa kanya kung ano ang mahalaga sa iyo upang malaman niya ang mga pinahahalagahan mo at mga kagustuhan na dapat pumatnubay sa kanyang paggawa ng mga desisyon kapag hindi ka maaaring makausap. Pwede mo ring ipaliwanag ang ilan sa mga mahahalagang aspeto ng iyong mga gawaing pinansyal at kung saan makukuha ang impormasyon.

Gaano karaming mga abogado?

Maaari kang kumuha ng higit sa isang abogado. Dapat silang kumilos nang sama-sama maliban kung iba ang nakasaad sa iyong EPOA o mayroon silang iba't ibang tuon ng awtoridad. Ang bawat sitwasyon ay naiiba. Ikaw ang magpapasya kung anong kaayusan ang praktikal upang maipatupad ang iyong mga kahilingan nang mas walang panganib sa iyo.

Maaari ba akong kumuha ng kahaliling abogado?

Laging may posibilidad na ang isang abogado ay hindi na maaari o kwalipikadong kumilos, o nais nang magbitiw sa tungkulin. Kung may ibang tao kang pinagkakatiwalaang pumalit, pwede mong kunin ang taong ito bilang kahalili, sa gayon ay magpatuloy ang iyong EPOA. Dapat ilarawan ng iyong EPOA ang mga sirkumstansya kung kailan maaaring magsimulang kumilos ang iyong kahaliling abogado.

Iba pang Dapat Isaalang-alang sa isang EPOA

May ilang mga bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ng EPOA. Dalawang bagay na mahalagang bigyang pansin ay mga regalo, mga pautang at mga donasyon, at pagbabayad ng iyong abogado. Kung alinman sa mga sitwasyong ito ay umaaplay sa iyo, maaari kang humingi ng legal na payo upang matiyak na maipatupad ang iyong mga kagustuhan.

Maaari bang magbigay ng mga regalo, magpautang o magdonasyon ang abogado?

Bagama't ang pangunahing responsibilidad ng abogado ay sa iyo, maaaring mayroon kang kapamilya o dependent na gusto mong tulungan, magbigay ng regalo kada taon o isang paboritong "charity" na nais mong suportahan hangga't kaya mo. Pinahihintulutan ng batas ang ilang mga regalo, mga pautang at donasyon, ngunit ang mga ito ay sumasailalim sa mahigpit na mga limitasyon.

Kung gusto mo, ang iyong abogado ay magagawang magpatuloy na magbigay ng mga regalo at mga donasyon, o magpautang sa mga tinukoy na miyembro ng pamilya, maaari mong isaalang-alang kung magbabalangkas o hindi ng mga alituntunin na nakasaad sa iyong EPOA. Maaaring gusto din ng iyong abogado na mahusay na maunawaan kung ano ang iyong mga kahilingan at kung paano ipapatupad ang mga isinaad mo sa EPOA.

Binabayaran ba ang abogado?

Bagama't maraming abogado ay ayaw na magpabayad, kung gusto mong bayaran ang iyong abogado, dapat na nakasaad ito sa EPOA. Gayunpaman, ang lahat ng mga abogado ay may karapatang mag-reimburse mula sa iyong mga asset para sa kanilang mga "validated" at makatuwirang gastos.

SCENARIO

Si Terry at Phil ay nagsama ng mahigit sa 20 taon.

Si Phil ay ang pangunahing naghahapbuhay. Ang kanilang bahay ay kapwa nasa kanilang pangalan.

Kamakailan lamang ay nag-update sila ng kanilang mga testamento at sabay na ginawa ang kanilang mga EPOA ng magkaibang abogado na kanilang ini-appoint upang pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng isa't-isa at tiyakin na ang EPOA na inihanda ay magagamit nila sa Land Title Office.

Isang aksidente sa kotse na nakapinsala sa ulo ni Phil ang nagdala sa kanya sa ospital. Sinabi ng mga doktor kay Terry na si Phil ay may pinsala sa utak at malamang na hindi na makapagtrabahong muli. Siya ay maaaring mangailangan ng panghabang-buhay na pangangalaga at sa kasalukuyan ay walang kakayahang gumawa ng mga pinansyal na desisyon.

Kailangan ni Terry na gumawa ng ilang mga kritikal na pinansyal na desisyon. Halimbawa, kailangang asikasuhin ni Terry ang claim insurance at gumawa ng pagsasaayos upang lumipat sa isang bahay na angkop sa kalagayan at pangangailangan ni Phil. Kahit na ang bahay ay kapwa nila pag-aari o "jointly owned", si Terry ay hindi maaaring ibenta ang bahay ng walang pirma ni Phil. Gayunman, dahil si Phil ay mayroong isang malawak na EPOA na nagbibigay kay Terry ng awtoridad sa lahat ng mga usaping pinansyal ni Phil, si Terry ay maaaring ibenta ang bahay at bumili ng isa pa na kapwa nasa kanilang mga pangalan.

Kung walang EPOA, si Terry ay kinakailangan pang pumunta sa hukuman upang maging Committee ng ari-arian ni Phil. Ito ay uubos ng maraming oras at magastos at maaaring mahirap na wakasan kung makabawi si Phil sa kanyang kalagayan.

C. Kasunduang Maging Kinatawan (Representation Agreement (RA))

Ang representation agreement (RA) o ang kasunduang maging kinatawan ay isang legal na dokumento na pumapayag kang ibigay sa isang tao na pinagkakatiwalaan mo ang legal na awtoridad upang tulungan kang gumawa ng mga desisyon o maging kinatawan mo at gumawa ng mga desisyon para sa iyo kung ikaw ay wala nang kakayahang gumawa ng mga desisyon para sa iyong sarili. Maaaring masaklawan ng RA ang mga desisyon para sa iyong personal at/ o pangangalaga ng kalusugan. Maaari rin nitong masakop ang pamamahala ng iyong mga karaniwang mga gawaing pinansyal. Ginawa ang RA alinsunod sa Representation Agreement Act.

Ang RA ay magagamit bilang isang legal na kagamitan sa pagpapalano mula noong Pebrero 2000. Ang mga patakaran kung paano ginagawa at ginagamit ang RA ay inamyendahan noong Setyembre 1, 2011. Ang mga binagong panuntunan ay hindi makakaapekto sa mga umiiral na balidong RA. Ang pinaka-mahalagang pagbabago sa ngayon, ang RA para sa mga pinansyal na usapin ay maaari lamang gawin para sa mga karaniwang pamamahala ng mga gawaing pinansyal tulad ng inilarawan sa ibaba. Kung gumawa ka ng isang RA na may malawak na kapangyarihan upang pangasiwaan ang iyong mga pinansyal at legal na usapin sa ilalim ng seksyon 9 ng Representation Agreement

Act, ito ay dapat ituring na isang EPOA. Pagkatapos ng Setyembre 1, 2011, ang iyong kinatawan ay sasailalim sa ilang restrictions para sa abogado maliban kung ang kasunduan ay sinasaklaw ang restrictions. Ibig sabihin ay maaaring ang iyong kinatawan ay hindi magagawang ipatupad ang lahat ng iyong kagustuhan. Maaari mong repasuhin ang anumang mga umiiral na kasunduang maging kinatawan at humingi ng legal na payo upang matukoy kung dapat mong gumawa ng bagong dokumento sa pagpapalano.

Hindi mo kailangang gumawa ng RA. Ikaw ang magpapasya. Ang RA ay isang kagamitan na maaari mong gamitin para magplano sa iyong hinaharap. Ang isang service provider ay pinagbabawalan ng batas na hilingin sa iyo na gumawa ng RA bilang isang kondisyon sa pagtanggap ng kalakal o serbisyo.

Ang mga kasunduang maging kinatawan ay pwedeng gamitin para sa iba't ibang uri ng mga desisyon bagama't iba't iba ang mga batas na umaaplay sa bawat uri. Ang seksyong ito ay may tatlong bahagi. Ang una ay naglalarawan sa mga panuntunan na pangkalahatang umaaplay sa mga RA. Ang ikalawang bahagi ay nagpapaliwanag ng Financial RA7. Inilarawan ng mga natitirang bahagi ang Personal/Health Care RA9 at Personal/Health Care RA7.

Buod - Kasunduang Maging Kinatawan (Representation Agreement (RA)) Pangkalahatang Impormasyon

Sino ang maaaring gumawa ng RA?	Ang sinumang nasa hustong gulang (19 taong gulang o mas matanda na nakatira sa BC) ay maaaring gumawa ng RA maliban kung wala nang kakayahan na maunawaan ang paggawa ng kasunduan. Tingnan ang mga ispesipikong uri ng Ra para sa karagdagang impormasyon.
Kailan magsisimula ang isang RA?	Ang RA ay magkakaroon ng bisa sa oras na pinirmahan mo ito at ng iyong kinatawan maliban kung tinukoy mo kung kailan ito magkakaroon ng bisa (tingnan sa ibaba). Kung hindi mo tinukoy kung kailan ito magkakabisa, maaari mong kausapin ang iyong kinatawan kung kailan at paano sisimulan ang pagtulong sa iyo.
Maaari bang baguhin ang petsa ng pagsisimula ng RA?	Maaari mong tukuyin kung kailan magsisimulang magkabisa ang RA kapag nakasaad sa RA kung ano ang mga sirkumstansya at kung sino ang magkukumpirma na nangyari na ito. Halimbawa, maaaring nakasaad sa RA na magsisimula itong magkabisa pagkatapos pirmahan ng iyong family doctor ang isang sulat na nagsasabing ikaw ay wala nang kakayahan (incapable).
Maaari ka pa bang gumawa ng mga desisyon?	Sa ilalim ng batas, ikaw ay itinuturing na may kakayahan. Pwede kang patuloy na gumawa ng mga desisyon maliban kung hindi mo na kayang gumawa ng mga desisyon.

Kailan nagtatapos ang isang RA?

Magpapatuloy ang RA maliban kung pawalang-saysay mo ito o kung namatay ka. May ilang mga pangyayari din na maaaring mawalan ng bisa ang iyong RA kapag:

- ang iyong kinatawan at sinumang kahalili ay hindi na available o kwalipikado para kumilos
- ang iyong kasal o relasyon na tulad ng mag-asawa ay natapos na at ang kinatawan mo ay iyong asawa, maliban kung nakasaad sa iyong RA na magpapatuloy ito
- ang isang kondisyon na inilagay mo sa iyong RA ay nangyari na
- Natapos ito sa utos ng hukuman

Ang iyong RA ay maaaring suspendihin at hindi maaaring kumilos ang iyong kinatawan kung:

- kinakailangan ng isang monitor at ang monitor ay hindi na pwede o nais na kumilos. Kung walang nakasaad sa iyong RA para sa isang kahaliling monitor, ang PGT ay maaaring mag-appoint ng isa pa upang ang kinatawan ay magpapatuloy na kumilos.
- ang RA ay siyang mamamahala ng iyong mga karaniwang gawaing pinansyal at ang PGT ang ini-appoint na committee para iyong ari-arian ayon sa “Certificate of Incapability”

Babala: Ang paggawa ng isang bagong RA ay hindi awtomatikong magpapawalang bisa ng isang dating RA. Kung nais mong pawalang bisa ang isang umiiral na RA, kailangan mong sundin ang mga panuntunan.

Maaari bang baguhin o pawalang bisa ang isang RA?

Maaari mong baguhin o mapawalang bisa ang iyong RA kung ikaw ay may kakayahan pa. Responsibilidad mo na tiyakin na ang kinatawan at “third parties” tulad ng iyong bangko ay maayos na naabisuhan ng mga pagbabago o pagpapawalang-bisa.

Paano ginagawa ang isang RA?

Ang RA ay dapat na nakasulat at na may “legal requirements” upang matiyak na ito ay maayos na mapirmahan at masaksihan. Inirerekumenda na humingi ng legal na payo mula sa iyong abogado o notaryo, o isang legal clinic sa komunidad.

Ang Ministry of Justice ay naglabas ng isang pormularyo na maaaring gamitin sa paggawa ng kasunduang maging kinatawan o RA. Pwedeng masaklawan nito o hindi ang iyong mga sirkumstansya o pangangailangan. Aalertuhan ka nila sa ilang mga panuntunan na dapat sundin para maging balido ang RA. Matatagpuan mo ito sa Helpful Links section sa hulihan ng patnubay na ito.

Ang ilan sa mga panuntunan na dapat malaman:

- ikaw ay dapat na pumirma sa harap ng mga saksi
- kung hindi ka makakapirma, maaari mong atasan ang isang tao na pumirma sa iyong ngalan
- dalawang saksi ang kinakailangan maliban kung ang saksi ay isang abogado o notaryo sa BC
- ang iyong kinatawan ay hindi maaaring maging isang saksi at hindi rin pwedeng maging saksi ang asawa ng kinatawan, anak o magulang
- ang iyong kinatawan ay dapat na pirmahan ang kasunduan bago ito gamitin

Babala: Kung ang RA ay isang Financial RA7 o Personal / Health Care RA7, mayroong mga karagdagang certificate na dapat pang pirmahan.

Maaari bang gumawa ng higit pa sa isang RA na may iba't ibang mga kinatawan?

Oo, maaari kang gumawa ng higit pa sa isang RA kung gusto mong hiwalay ang iyong mga tagubilin at kahilingan para sa pinansyal at personal na bagay. O maaaring nais mong bigyan ng magkakaibang awtoridad ang mga tao upang isagawa ang iba't ibang desisyon. Halimbawa, pwedeng mong bigyan ng awtoridad ang isa para sa iyong karaniwang mga gawaing pinansyal dahil sa mahusay ang taong iyon sa pinansya at ang isa pa ay awtoridad para sa mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan dahil malapit ang taong iyon sa iyo at alam nito ang mga pinahahalagahan at kagustuhan mo.

Babala: Ang paggawa ng isang bagong RA para sa parehong uri ng desisyon ay hindi awtomatikong pawawalang-bisa ang isang dating RA. Kailangan mong sundin ang mga panuntunan sa pagpapawalang-bisa.

Ano ang isang monitor?

Ang monitor ay isang tao na maaaring i-appoint sa RA at may kapangyarihang magsuri ng mga gawain ng kinatawan upang matiyak na ang kinatawan ay sumusunod sa kanyang mga tungkulin. Kapag ang monitor ay may paniniwala na ang kinatawan ay hindi ginagampanan ang mga tungkulin at hindi ito malutas, ang monitor ay inaasahang ipaalam ito sa PGT.

Pagpili ng isang kinatawan

Ang pagpili ng isang kinatawan ay maaaring isang mahirap na desisyon. Hindi mo kailangang gumawa ng RA kung ito ay hindi angkop sa iyo. Narito ang ilang mga dapat isaalang-alang:

Sino ang maaaring maging isang kinatawan?

Maaari mong kunin ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC) na iyong pinagkakatiwalaan upang maging kinatawan mo. Pwede mong piliin ang iyong asawa, isang miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan.

Mahalagang malaman na hindi mo pwedeng kunin ang sinumang binabayaran mo para magbigay ng personal o serbisyo sa pangangalaga ng iyong kalusugan. Kabilang dito ang mga empleyadong nagtatrabaho sa pasilidad na tinitirhan mo na nagbibigay ng mga serbisyong ito. Mayroong “exception” kung ang kinatawan ay ang iyong asawa, anak o magulang.

Upang matukoy kung sino ang magiging mahusay na kinatawan mo, isaalang-alang kung sila ay “available” gayundin ang kanilang kaalaman at mga kasanayan.

Babala: Kausapin muna ang kinatawan bago magpatuloy. Ang kinatawang kukunin mo ay hindi obligadong tanggapin ang tungkulin. Maaaring may mga “requirements” na kailangang isama sa iyong RA.

Mga tungkulin at mga responsibilidad

Ang tao bang ito ay nauunawaan at sumasang-ayon na tumanggap ng mga tungkulin at responsibilidad na inaasahan sa kanila kapag dumating ang oras na dapat silang kumilos? Kabilang sa mga tungkulin ang:

- kumilos nang matapat at na may mabuting hangarin
- maging maingat, may kasanayan at kasigasigan ng isang masinop na tao
- gumawa lamang ng mga desisyon na awtorisadong gawin ng isang kinatawan
- kumonsulta sa iyo upang matukoy ang iyong mga kasalukuyang kagustuhan
- pagpapanatili ng mga talaan ng mga desisyong ginawa at mga kaugnay na impormasyon

Gaano karami ang mga kinatawan?

Maaari kang mag-appoint ng higit pa sa isang kinatawan sa isang RA. Ang mga kinatawan ay dapat kumilos ng magkasama maliban kung mayroon silang iba't ibang tuon ng awtoridad, o di kaya'y iba ang nakasaad sa iyong RA. Ang bawat sitwasyon ay magkaiba. Ikaw ang magpapasya kung anong kaayusan ang praktikal upang ipatupad ang iyong mga kahilingan nang mas walang panganib sa iyo.

Babala: Kung mag-appoint ka ng dalawa o higit pang kinatawan sa isang RA at ang isa ay hindi na magawang kumilos sa anumang dahilan, ang natitirang kinatawan ay hindi maaaring magpatuloy na kumilos maliban kung nakasaad sa RA. Maaaring hindi ito ang gusto mo. Kung nais mo na ang kinatawan ay magpatuloy, dapat itong matugunan sa iyong RA.

Maaari ba akong kumuha ng kahaliling kinatawan?

Laging may posibilidad na ang isang kinatawan ay hindi na maaari o nais nang magbitiw sa tungkulin. Kung may ibang tao kang pinagkakatiwalaang pumalit, pwede mong kunin ang taong iyon bilang kahalili upang kumilos para sa iyong RA. Dapat ilarawan sa iyong RA ang mga sirkumstansya kung kailan maaaring magsisimulang kumilos ang kahalili.

D. Kasunduang Maging Kinatawan para sa mga Gawaing Pinansyal (Representation Agreement for Financial Affairs (Financial RA7))

Ang kasunduang maging kinatawan para sa pangangasiwa ng karaniwang mga gawaing pinansyal ay isang kasunduan na nililimitahan ng listahan ng gawaing pinahihintulutan at restrictions na maaring naisali mo. Ang namamahalang batas ay ang Representation Agreement Act at ang section 7 na nagtatakda ng mga panuntunan. Kaya may ilang tao na tinutukoy ang RA na ito bilang section 7 RA o RA7. Minsan ay tinatawag din itong RA na may “standard powers.”

Ang pangangasiwa ng iyong mga gawaing pinansyal ay isang mahalagang bahagi sa paggawa ng desisyon. Samakatuwid, bukod sa mga tuntunin na inilarawan sa itaas, may ilang ispesipikong mga panuntunan kung paano gumawa ng Financial RA7 at kung paano ipapatupad ng iyong kinatawan ang kanyang mga tungkulin. Binibigyang diin sa seksyong ito ang mga panuntunan.

Buod - Kasunduang Maging Kinatawan para sa Pangangasiwa ng mga Karaniwang Gawaing Pinansyal (Representation Agreement for Routine Management of Financial Affairs (Financial RA7))

Bakit kailangang gumawa ng Financial RA7 ang isang nasa hustong gulang?

- Kung ikaw ay nahihirapan sa pamamahala ng iyong mga gawaing pinansyal at hindi pa nakagagawa ng isang pangmatagalang power of attorney, maaari ka pa ring gumawa ng Financial RA7.
- Kung gusto mong kapwa gawin ng iyong kinatawan ang mga desisyon para sa iyong pinansyal at personal na pangangalaga sa kalusugan at gusto mo ay isang dokumento lamang, maaari mong isama ang kapangyarihan sa pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal sa iyong RA, para sa personal at pangangalagang pangkalusugan

Sino ang maaaring gumawa ng Financial RA7?

Kung may kakayahan, sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC) ay pwedeng gumawa ng RA na may “standard” na mga probisyon. Nakasaad sa *Representation Agreement Act* na, upang makapagpasya kung ang isang tao ay walang kakayahang gumawa ng isang RA7, dapat isaalang-alang ang lahat ng kaugnay na mga dahilan kabilang kung:

- ang nasa hustong gulang ay may pagnanais na magkaroon ng kinatawan na gagawa ng desisyon
- ang nasa hustong gulang ay nagpapahayag ng kakayahang pumili at ng damdamin ng pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa iba
- ang nasa hustong gulang ay mayroong kamalayan na ang paggawa ng RA ay nangangahulugan na ang mga kinatawan ay maaaring gumawa ng mga desisyon o mga opsyon na makakaapekto sa nasa hustong gulang
- ang nasa hustong gulang ay may kaugnayan sa kinatawan na nakabatay sa pagtitiwala

Ano ang sakop ng Financial RA7?

Ilang mga halimbawa ng mga “routine” na pamamahalang pinansyal ay ang:

- pagbabayad ng bills
- pagtanggap at pagdedeposito ng mga kita at mga pensiyon
- pagbili ng pagkain, tirahan at iba pang mga serbisyo para sa iyong personal na pangangalaga
- paggawa ng mga investments ayon sa Trustee Act
- pagbubukas ng mga bank account
- pagbubukas ng RRSP at pagkokontribusyon
- pag-convert ng isang RRSP sa isang RRIF o kinita sa isang taon
- pag-aaplay para sa mga benepisyo na may karapatan ka
- pagbabayad ng mga utang kung mayroon ka
- pagbabayad ng seguro para sa iyong tahanan o sasakyan
- pagbibigay ng donasyon sa charities (nakabatay sa limitasyon)
- paghahanda at pagpa-file ng income tax returns
- pagkuha ng mga legal na serbisyo at pag-aatas sa counsel na simulan ang paglilitis (maliban sa diborsyo) o magpatuloy, mag-settle o mag-depensa sa mga legal na kaso

Ang *Representation Agreement Act* regulation ay may itinakdang isang mas detalyadong listahan.

Ano ang hindi sakop ng Financial RA7?

Ang isang kinatawan batay sa Financial RA7 ay hindi pinahihintulutan na:

- gamitin o mag-renew ng mga credit card o line of credit
- i-mortgage ang iyong bahay
- bumili o magbenta ng bahay at lupa para sa iyo
- maggarantiya ng loan
- ipahiram ang iyong personal na pag-aari o ipamigay ito
- ipawalang-bisa o amyendahan ang isang designasyon ng beneficiary
- umakto bilang director ng isang kumpanya sa ngalan mo

Paano ginagawa ang isang Financial RA7?

Tingnan ang pangkalahatang impormasyon kung paano ginagawa ang RA.

Babala: Bilang karagdagan sa pangkalahatang requirements para sa paggawa ng isang RA, kinakailangan sa Financial RA7 na ang kinatawan at mga saksi ay pumirma sa mga itinakdang certificate.

Kinakailangan ba ng isang monitor?

Dapat kang mag-appoint ng isang monitor maliban kung nag-appoint ka ng dalawang kinatawan na magkasamang kikilos o ang iyong kinatawan ay ang iyong asawa, isang trust company, credit union o ang PGT.

Pagpili ng isang kinatawan para sa Financial RA7

Ang pagpili ng isang kinatawan ay maaaring isang mahirap na desisyon. Hindi mo kailangang gumawa ng RA7 kung ito ay hindi angkop sa iyo. Narito ang mga dapat isaalang-alang:

Sino ang maaaring maging kinatawan?	Tingnan ang pangkalahatang impormasyon kung sino ang maaaring maging kinatawan. Kapag pumipili ng tao para sa Financial RA7, mahalaga na piliin ang isang tao na may mga kasanayan at kakayahan upang pangasiwaan ang iyong mga gawaing pinansyal. Maaari mong talakayin kung ano ang maaaring kasangkot sa gayon ay makukumpirma ng kinatawan kung siya ay kumportable sa responsibilidad.
Mga tungkulin at mga responsibilidad:	Bilang karagdagan sa mga tungkulin na inilarawan sa pangkalahatang impormasyon, ang iyong kinatawan ay dapat na kumonsulta sa iyo upang matukoy ang lahat ng iyong mga kahilingan at sumunod sa mga kagustuhan mo kung makatuwiran ito.
Anong mga talaan ang dapat na panatilihin?	Ang mga talaan ay kinabibilangan ng: <ul style="list-style-type: none">• isang kasalukuyang listahan ng iyong assets at pananagutan/liabilities• mga account at iba pang mga record• mga invoice, bank statements at tax returns na kinakailangan upang makagawa ng accounting ng mga resibo at disbursement
Mga bagay na dapat talakayin sa iyong kinatawan o monitor	<p>Kung ikaw ay may napili ng kinatawan at monitor, mahalaga na maunawaan nila at handa silang tanggapin ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad.</p> <p>Kung kukuha ka ng dalawang kinatawan, dapat silang kumilos nang magkasama, mahalagang maunawaan nila na kailangan silang kumilos nang magkasama at sumang-ayon sila na gagawin ito.</p> <p>Sa alinmang kaso, maaari mong talakayin ang iyong kahilingan sa iyong kinatawan at monitor upang malaman nila kung ano ang gusto mo kahit hindi sila maaaring makakonsulta sa iyo.</p>

Iba pang mga dapat isaalang-alang para sa Financial RA7

Maaari bang bayaran ang kinatawan o monitor?	Ang mga kinatawan at mga monitor ay hindi maaaring bayaran para kumilos maliban kung: <ul style="list-style-type: none">• nakasaad sa Financial RA7 na sila ay maaaring bayaran; at• pinahihintulutan ng hukuman ang pagbabayad Gayunman, ang kinatawan at monitor sa isang Financial RA7 ay may karapatan na mag-reimburse para sa makatuwirang mga gastos.
Maaari bang magregalo o magdonasyon ang kinatawan?	Ang isang kinatawan batay sa Financial RA7 ay hindi pwedeng magregalo ng mula sa iyong mga personal na pag-aari. Pinahihintulutan ang mga donasyon para sa mga rehistradong kawang-gawa sa sumusunod na mga sirkumstansya: <ul style="list-style-type: none">• ang donasyon ay naaalinsunod sa iyong mga nakaraang nakagawian at pinansyal na kakayahan; at• ang kabuuang halaga ng donasyon sa buong taon ay hindi hihigit sa 3% ng iyong nabubuwisang kita

E. Kasunduang Maging Kinatawan para sa mga Desisyong Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Representation Agreement for Personal and Health Care Decisions (Personal/Health Care RA9))

Ang kasunduang maging kinatawan para sa mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan ay isang kasunduang kaugnay ng mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan kapag ikaw ay wala nang kakayahang gumawa ng mga desisyon para sa iyong sarili. Maaari kang gumawa ng RA na sumasaklaw sa lahat ng desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang pagtanggap sa pangangalaga ng kalusugan na maaaring magpahaba ng buhay (Personal/Health Care RA9). Ang namamahalang batas na ito ay ang Representation Agreement Act at ang section 9 na nagtatakda ng mga panuntunan. Kaya may ilang tao na tinutukoy ang RA na ito bilang section 9 RA o RA9. Minsan ay tinatawag din ang Personal/Health Care RA9 na, RA na

may “non standard powers.” Maaari ka ring gumawa ng RA na limitado sa personal na pangangalaga, gayundin ang pagpapasya sa pangunahin at menor na pangangalaga sa kalusugan (Personal/Health Care RA7). Minsan ay tinatawag ang Personal /Health Care RA7 bilang RA na may “standard powers.” Tulad ng Financial RA7, ang Personal /Health Care RA7 ay RA nililimitahan ng batas.

May ilang ispesipikong mga panuntunan kung paano gumawa ng RA at kung paano ipapatupad ng iyong kinatawan ang kanyang mga tungkulin bilang karagdagan sa inilarawan sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa RA. Binibigyang diin sa seksyong ito ang mga panuntunan na may kaugnayan sa Personal/Health Care RA9.

Buod - Kasunduang Maging Kinatawan para sa mga Desisyong Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Representation Agreement for Personal and Health Care Decisions (Personal/Health Care RA9))

Sino ang maaaring gumawa ng Personal/Health Care RA9?

Ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC) ay maaaring gumawa ng RA9 maliban kung walang kakayahan na maunawaan ang katangian at konsikwensya ng ipinanukalang kasunduan.

Anong mga desisyon sa personal na pangangalaga ang maaaring isama sa Personal/Health Care RA9?

Sa isang Personal/Health Care RA9, maaari mong bigyan ang iyong kinatawan ng awtoridad sa anumang bagay na sa tingin ng iyong kinatawan ay kailangan para sa iyong personal na pangangalaga, o pwede mong tukuyin kung ano ang mga desisyon na saklaw nito.

Kabilang sa mga bagay na kailangan ng desisyon ay:

- pagsasaayos ng paninirahan (kabilang ang pagpapasok sa isang pasilidad ng pangangalaga)
- diyeta at damit
- paglahok sa pang-edukasyon o vocational activities
- pag-access sa personal na impormasyon
- isyu ng pagpigil o “restraint issues

Ano ang mga hindi sakop ng personal na pangangalaga sa Personal/Health Care RA9?

Maliban kung nakasaad ito sa Personal/Health Care RA9, ang isang kinatawan ay hindi maaaring

- gumawa ng mga pagsasaayos para sa pansamantalang pag-aalaga at edukasyon ng iyong mga menor de edad na mga anak o sinumang sinusuportahan mo
- pakialaman ang iyong mga kaugalian sa relihiyon

Anong mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan ang maaaring kasama sa ilalim ng Personal/Health Care RA9?

Ang pangangalaga sa kalusugan ay anumang mga bagay na ginagawa para sa therapeutic, preventive, palliative, diagnostic, cosmetic o iba pang layunin na may kaugnayan sa kalusugan, at kasama dito ang:

- isang serye o magkakasunod na mga magkatulad na treatment o pangangalagang ginagawa sa
- isang nasa hustong gulang sa loob ng isang takdang panahon para sa isang ispesipikong problema sa kalusugan,
- isang plano para sa minor na pangangalaga sa kalusugan na maaaring tumagal ng hanggang isang taon na dinebelop ng mga health care provider upang gamutin ang isa o higit pang sakit na maaaring mayroon ang nasa hustong gulang at, bilang karagdagan, harapin ang iba pang maaaring maging mga problema sa kalusugan ng nasa hustong gulang sa hinaharap bunga ng kondisyon sa kalusugan ng nasa hustong gulang na iyon, at
- paglahok sa medical research program na aprubado ng isang ethics committee

Ang pangangalaga sa kalusugan ay kinategorya bilang major o minor na pangangalaga.

Ano ang mga “major” at “minor” na desisyon sa pangangalaga sa kalusugan?

Maaaring masaklaw din ng Personal/Health Care RA9 ang mga major at minor na pangangalaga sa kalusugan. Tinutukoy ng *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* (Batas sa Pangangalaga sa Kalusugan (Pahintulot) at (Pagpapasok) sa isang Pasilidad sa Pangangalaga), ang mga major at minor na desisyon sa pangangalaga ng kalusugan.

Ang mga tinukoy na major na pangangalaga sa kalusugan ay ang:

- mga major na pagtitistis (surgery) at anumang paggamot na kinakailangan ng general anaesthetic o pampatulog
- mga major na pag-diagnose o investigative procedures
- mga radiation therapy
- mga intravenous chemotherapy
- mga dyalisis sa sakit sa bato
- mga electroconvulsive therapy
- mga laser surgery

Kabilang sa mga tinukoy na minor na pangangalaga sa kalusugan ay ang:

- mga routine na medical test
 - mga routine na dental treatment tulad ng pagpapasta at pagbunot ng ngipin na di kinakailangan ng general anesthetic, at pangangalaga ng ngipin
-

Bukod sa pangangalaga sa kalusugan ano ang iba pang maaaring sakop ng Personal/Health Care RA9?

Kapag binigyan mo ng awtoridad ang iyong kinatawan na tanggihan o payagan ang pangangalaga sa kalusugan, ng walang karagdagang tagubilin, maaaring payagan o tanggihan ng iyong kinatawan ang mga pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan upang mapahaba ang buhay.

Ang iyong kinatawan ay maaaring magdesisyon kung saan at kung kanino ka titira, kasama ang pagpapasok mo sa isang care facility kung ito ay kinakailangan.

Maaari mo ring pahintulutan ang isang tao na pisikal na pigilan ka o ilipat ka, kahit na tumututol ka, kung kinakailangan upang maibigay sa iyo ang pangangalagang pangkalusugan..

Ano ang hindi sakop ng “non standard powers” sa health care (RA9)?

Maliban kung nakasaad ito sa iyong RA9, ang iyong kinatawan ay hindi maaaring pumayag sa ilang mga mapanghimasok at kontrobersyal na mga pamamaraan ng paggamot at therapy.

Kinakailangan ba ng isang monitor?

Hindi kinakailangan ng isang monitor para sa Personal/ Health Care RA9. Kung pinili mong kumuha ng monitor, dapat na nakasaad ito sa iyong RA instructions na, kung kailangang palitan o hindi ang monitor kapag hindi na ito makatupad ng tungkulin.

Maaari bang bayaran ang kinatawan o monitor?

Ang mga kinatawan at mga monitor ay maaaring hindi bayaran para sa paggawa ng mga desisyon na nauukol sa personal o pangangalaga ng kalusugan. Gayunpaman, ang mga kinatawan at mga monitor ay maaaring mag-reimburse para sa mga makatuwirang gastos.

Pagpili ng isang kinatawan para sa Personal/Health Care RA9

Ang pagpili ng kinatawan ay maaaring isang mahirap na desisyon. Hindi mo kailangang gumawa ng Personal/Health Care RA9 kung ito ay hindi angkop sa iyo. Narito ang ilang mga dapat isaalang-alang:

Sino ang maaaring maging kinatawan para sa isang Personal/Health Care RA9?

Maaari mong kunin ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda). Pwede mong piliin ang iyong asawa, isang miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan.

Mahalagang malaman na hindi mo pwedeng kunin ang sinuman na binabayaran upang magbigay ng personal na pangangalaga o mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga empleyadong nagtatrabaho sa pasilidad na tinitirhan mo na nagbibigay ng mga serbisyong ito. Mayroong “exception” kung ang kinatawan ay ang iyong asawa, anak o magulang.

Ano ang mga tungkulin at responsibilidad ng isang kinatawan batay sa Personal/Health Care RA9?

Bilang karagdagan sa mga tungkulin na nabanggit na, ang iyong kinatawan ay dapat na kumonsulta sa iyo upang matukoy ang lahat ng mga kagustuhan mo.

Babala: Mahalagang malaman na ang anumang mga kahilingan mo ay dapat na malinaw sa iyong kinatawan dahil maaaring hindi nila ito masundan. O maaaring kailangan na pumunta sa hukuman para malinaw ang direksyon.

Anong mga talaan ang dapat na ipunin?

Maliban kung nakasaad sa RA, ang mga talaan na dapat na ipunin ay:

- mga kopya ng anumang talâ ng iyong mga tagubilin, kahilingan, mga paniniwala at mga pinahahalagahan
 - talaan ng mga pagbabago sa tinitirhan o mga pangangailangan para sa personal o pangkalusugang pangangalaga at mga kaugnay na mga desisyon
 - paglalarawan ng mga pagpapasya sa pangangalaga ng kalusugan o pagpasok sa isang pasilidad sa pangangalaga at petsa
 - paglalarawan ng katangian at mga dahilan para sa “restricting contact” sa sinuman
 - paglalarawan sa anumang desisyon na pisikal na pagpigil (restrain) o paglipat sa iyo, kahit na tumututol ka, at dahilan
-

Mga bagay na dapat talakayin sa iyong kinatawan

Kung ikaw ay may napili ng kinatawan at monitor, mahalaga na maunawaan nila at handa silang tanggapin ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

Kung kukuha ka ng dalawang kinatawan, dapat silang kumilos nang magkasama, mahalaga na nauunawaan nila na dapat silang kumilos nang magkasama at sumasang-ayon na gagawin ito.

Sa alinmang kaso, maaari mong talakayin ang iyong mga kahilingan upang malaman nila kung ano ang gusto mo kahit hindi sila maaaring makakonsulta sa iyo.

Iba pang mga Dapat Isaalang-alang para sa Personal/Health Care RA9

Maagang tagubilin (advance directive (AD)) para sa pangangalaga ng kalusugan at sa isang Personal/Health Care RA9

Kung nais mong gumawa ng isang maagang tagubilin (AD) o mayroon ka ng isa at gusto mo na ang iyong doktor ay sundin ang mga tagubilin sa AD nang walang hindi kailangan ng pahintulot ng iyong kinatawan, dapat mong isaad ito sa Personal/Health Care RA9.

Buod - Kasunduan na Maging Kinatawan para sa Standard Provisions para sa Personal at Pangangalaga sa Kalusugan (Representation Agreement with Standard Provisions for Personal and Health Care (Personal/Health Care RA7))

Bakit ang isang nasa hustong gulang ay gumagawa ng isang Personal/Health Care RA7?

Kung ikaw ay nahihirapan nang pamahalaan ang iyong mga desisyon sa iyong personal at pangangalaga sa kalusugan at hindi pa nakagagawa ng isang Personal/Health Care RA9, maaari ka pa ring gumawa ng Personal/Health Care RA7. Tingnan ang Financial RA7 para sa mga dapat isaalang-alang upang magpasya kung ikaw ay walang kakayahang gumawa ng Personal/Health Care RA7.

Ano ang kasama sa mga desisyon sa personal na pangangalaga sa ilalim ng Personal/Health Care RA7?

Ayon sa tinukoy sa Representation Agreement Act, kasama sa personal na pangangalaga ang mga bagay tulad ng:

- iyong diyeta at damit
 - mga social activities
 - pagbisita sa pamilya at mga kaibigan
 - kung saan ka titira kabilang ang isang family care home, group home, o mental health boarding home
-

Ano ang kasama sa pangangalaga sa kalusugan sa ilalim ng Personal/Health Care RA7?

Kasama sa pangangalaga sa kalusugan sa ilalim ng Personal/Health Care RA7 ang mga major at minor na pangangalaga sa kalusugan. Tingnan ang mga kahulugan sa itaas. Hindi maaaring isama ang mga sumusunod:

- awtoridad na pumayag sa pagpasok sa isang pasilidad
 - mga invasive at kontrobersyal na mga paraan ng paggamot o therapy
 - pagtanggap sa paggamot na magpapahaba ng buhay
-

SCENARIO

Si Moe ay isang 84 taong gulang na balo na bihirang makita ang kanyang nag-iisang anak at isa pang anak na babae na naninirahan sa ibang probinsya.

Siya ay nakatira sa parehong bahay ng 40 taon at sa nakalipas na dekada ay naging malapit na kaibigan ni Sarah, isang kapitbahay. Matagal na silang magkakilala at sa mga nakaraang taon ay pinag-uusapan nila ang pag-aalaga na maaari nilang matanggap kung sila ay hindi na magagawang magdesisyon para sa kanilang sarili. Alam ni Sarah ang kahilingan ni Moe na gamitin ang kanyang mga natitirang araw sa kanyang bahay kahit na magbayad para sa home care.

Kamakailan lamang, si Moe at Sarah ay kapwa nagpasya na gumawa ng isang Financial RA7 at isang Personal/Health Care RA7 at kinuha nila ang bawa't isa bilang kinatawan.

Nitong nakaraan, si Moe ay nagiging malimutin na. Sa ilang mga okasyon ay nai-lock niya ang kanyang sarili sa labas ng kanyang bahay at naiwan na naka-on ang isang kasirola sa kalan na naging dahilan ng pagkasunog ng kanyang bahay. Kasunod ng pangyayaring ito, si Moe ay naospital. Bilang pinakamalapit na miyembro ng pamilya, ang anak na babae ni Moe ay kinontak sa pamamagitan ng mga staff ng ospital.

Inaseso si Moe at natuklasan na siya'y nasa maagang yugto ng sakit na Alzheimer. Ang kanyang anak na babae ay umuwi upang dalawin si Moe at sinubukang gumawa ng arrangement para sa kanya upang maipasok si Moe sa isang pangmatagalang care facility.

Alam ni Sarah na nais ni Moe na manatili sa kanyang bahay. Bilang kinatawan ni Moe, si Sarah ay hindi maaaring magbenta ng bahay ni Moe ngunit siya ay may legal na awtoridad upang gawin ang mga pinansyal na mga gawain na kinakailangan upang pahintulutan si Moe na makatanggap ng pag-aalaga sa bahay hangga't kaya niyang manatili sa bahay at/o kayang bayaran ito. Pinag-uusapan ng anak na babae ni Moe at ni Sarah ang support at home na option at nagkaisa sila sa option na ito.

F. Maagang Tagubilin (Advance Directive)

Noong ika- 1 ng Septiyembre 2011 sa BC, maaari nang gumawa ng isang bagong legal na dokumento na tinatawag na advance directive o isang maagang tagubilin.

Ang isang maagang tagubilin ay nakasulat na “instruction” na nagbibigay ng pahintulot o tumatanggì sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot sa isang pagkakataon na kinakailangan ito at ang taong nasa hustong gulang na gumagawa nito ay wala ng kakayahang magbigay ng pahintulot o tumanggì sa paggamot.

Hindi mo kailangang gumawa ng isang maagang tagubilin. Ikaw ang magpapasya. Ito ay isang kagamitan na maaari mong gamitin upang magplano para sa iyong hinaharap. Hindi maaaring hilingin sa iyo ng isang service provider na gumawa ng isa nito bilang kondisyon sa pagtanggap ng kalakal o mga serbisyo.

May ilang mga panuntunan kung paano gumawa ng isang maagang tagubilin at kung paano ito ginagamit. Ang patnubay na ito ay nagbibigay lamang ng ilang mahalalagang paksa na dapat isaalang-alang.

Buod – Maagang Tagubilin (Advance Directive (AD))

Bakit kailangang gumawa ng isang maagang tagubilin?

Kabilang sa mga dahilan kung bakit maaari kang gumawa ng isang maagang tagubilin ay:

- wala kang sinuman na gustong kunin bilang kinatawan na maaaring gumawa ng mga desisyon para sa iyong pangangalaga sa kalusugan
- maaaring mayroon kang matinding opinyon tungkol sa ilang medical treatments at mga pamamaraan nito at gusto mong ang iyong mga tagubilin tungkol sa paggamit o hindi paggamit ng mga ito para sa iyong pangangalagang pangkalusugan na maging “legally binding” o may legal na bisà
- mayroon kang kinatawan, ngunit hindi mo gustong gawin ng kinatawan mo ang ilang mga desisyon

Sino ang maaaring gumawa nito?

Ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC) na may kakayahang maunawaan ang katangian at konsikwensya ng dokumento ay maaaring gumawa ng isang maagang tagubilin. Maaari itong baguhin o kanselahin hangga’t ikaw ay may kakayahang gawin ang mga pagbabago.

Ano ang mga dapat isaalang-alang sa paggawa ng isang maagang tagubilin?

Sa oras na ang pahintulot o pagtanggì sa paggamot ay kinakailangan, kung mayroon kang isang maagang tagubilin at kinatawan na may awtoridad na gumawa ng mga desisyon para sa iyong pangangalaga sa kalusugan (Personal/Health Care RA9), ang doktor o iba pang health care providers ay hihingi ng desisyon mula sa iyong kinatawan na susunod sa iyong mga tagubilin at kahilingan kung kakayanin. Kung hindi mo gusto na ang iyong kinatawan ang gumawa ng mga pagpapasyang sakop ng maagang tagubilin, kailangang nakasaad ito sa iyong kasunduan na maging kinatawan.

Ang maagang mga tagubilin ay hindi sakop ang iba pang mga desisyon tulad ng pagpasok sa facility; ang sakop lamang nito ay ang pangangalaga sa kalusugan.

Iba pang mga dokumento kung saan nakasaad ang iyong mga kahilingan

Maaaring may mga nakasulat kang kahilingan sa iba pang mga dokumento tulad ng isang testamento (living will). Ang mga dokumentong ito ay hindi AD ayon sa batas sa BC dahil hindi nito natutugunan ang requirements para sa paggawa ng isang AD, ngunit magsisilbi itong batayan ng iyong mga kahilingang ginawa kung kakayanin at gagabay sa taong may legal na awtoridad na gumawa ng mga desisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung naaangkop sa sitwasyon.

Paano ginagawa ang isang maagang tagubilin?

Para maging legally binding ang isang maagang tagubilin sa BC, ito ay dapat na gawin na alinsunod sa legal requirements. Ito ay dapat na napirmahan at nasaksihan. Dalawang saksi ang kinakailangan. Pwedeng isa lamang ang saksi kung ito ay isang abogado o notaryo sa BC. May mga tao na hindi maaaring maging saksi, kabilang ang sinumang wala pang 19 na taon gulang at mga taong binabayaran upang magbigay sa iyo ng mga serbisyong personal o pangangalagang pangkalusugan, o mga serbisyong pinansyal.

Bago gumawa ng isang maagang tagubilin, maaaring higit na magbasa muna at humingi ng legal na payo. Ang Ministry of Health ay may inihandang materyales para sa Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga (Advance Care Planning) at kung paano ang maagang tagubilin ay maiaakma sa iyong pangkalahatang pagpapalano para sa hinaharap na mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan. Noong panahong isinusulat nila, walang standard na mga pormularyo para sa paggawa ng isang maagang tagubilin. Gayunpaman, ang Ministry of Health's Advance Care Planning Guide ay nagbibigay ng isang pormularyo na maaari o hindi maaaring masaklawan ang iyong mga sirkumstansya. Tingnan ang Helpful Links section sa hulihan ng patnubay na ito.

Babala: Kung hindi matugunan ang requirements, ang dokumento ay hindi legally binding. Gayunpaman, ito ay ituturing bilang mga kahilingan na ginawa mo habang may kakayahan, at ang taong may legal na awtoridad na gumawa ng iyong mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan ay susundin ang iyong mga tagubilin.

G. Pagnonominat ng isang Committee (Nomination of a Committee)

Kapag napatunayan ng hukuman na ang isang nasa hustong gulang ay wala ng kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawain, at / o ang kanyang sarili, ang hukuman ay maaaring mag-appoint ng isang tao upang maging committee of estate na responsable para sa mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang iyon. Kung kinakailangan, ang tao ring iyon o iba pa ay maaaring ma-appoint bilang committee ng tao para gumawa ng mga desisyong personal at pangangalagang pangkalusugan.

Ang isang committee ay may malawak na kapangyarihan na gumawa ng mga desisyon para sa nasa hustong gulang. Sa ilang mga jurisdiction, ang committee ay tinatawag na “guardian” (o tagapag-alaga) at ginagamit ang terminong ito sa ilang mga batas sa BC upang ilarawan ang isang committee.

Ang PGT ay naghanda ng isang Private Committee Handbook at ilang pahina ng mga impormasyon na higit na nagpapaliwanag tungkol sa papel na ginagampanan ng isang committee. Ang mga materyales na ito ay makukuha sa website ng PGT (www.trustee.bc.ca) sa **Reports and Publications** section.

Hindi mo na kailangang mag-appoint ng isang Nomination of Committee. Ikaw ang magpapasya. Ito ay isang kagamitan na maaari mong gamitin upang magplano para sa iyong hinaharap.

Ipinapaliwanag ng seksyong ito kung paano maaaring masunod ang gusto mo sa kung sino ang pipiliin upang maging iyong committee kapag ito ay kinakailangan.

Buod – Pagnonominat ng isang Committee

Paano pinipili ang isang committee?

Kung kinakailangan mo ng isang committee, ang isang tao ay maaaring mag-aplay sa hukuman at magpahayag na ikaw ay wala ng kakayahan at hilingin na piliin siya bilang iyong committee.

Ang aplikante ay karaniwang isang tao mula sa pamilya ng nasa hustong gulang. Kailangan nila ipakita na sila ay handa at naaangkop para sa responsibilidad na kasangkot. Minsan ang isang trust company o ang PGT ay maaaring ma-appoint.

Ano ang isang nomination?

Ang “nomination” ay isang legal na dokumento kung saan ang isang nasa hustong gulang na may kakayahan ay nagno- nominate ng isang tao o mga tao na ia-appoint sa committee ng nasa hustong gulang sa pamamagitan ng hukuman, kung kinakailangan. Ang nomination ay pinipirmahan at sinasaksihan katulad ng testamento.

Bakit maaaring kailangan mong gumawa ng isang nomination?

Dapat sundin ng hukuman ang mga direksyon sa nomination maliban kung mayroong mabuting dahilan na hindi ito kailangang gawin. Kabilang sa mga dahilan kung bakit nagnonominat ng isang committee ay:

- mayroong posibilidad na salungatan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya kung may pangangailangan para sa isang komite
 - mayroong isang partikular na miyembro ng pamilya o kaibigan na sa tingin mo ay magiging pinakamahasag mong kinatawan
 - hindi mo gusto ang isang power of attorney o kasunduan na maging kinatawan at mas gusto na, kung kinakailangan, ang iyong kahalili ay ma-appoint sa pamamagitan ng hukuman at dapat atasan na magbibigay ng mga regular na accounting sa ang hukuman o sa PGT
-

Sino ang maaaring gumawa ng nomination?

Sinumang nasa hustong gulang na may kakayahan ay maaaring gumawa ng nomination. Tulad ng isang testamento o iba pang mga kagamitan sa pagpapalano, ay maaari mong baguhin o mapawalang-bisa habang ikaw ay may kakayahan.

Saan dapat nakatabi ang isang nomination?

Ang isang taong nanominat ay hindi obligadong tanggapin ang nomination kaya maaari mong gawin muna na kausapin ang taong pinili mo nang mas maaga. Pwede mo ring sabihin kung saan mo itatabi ang nomination at kung saan matatagpuan ang iba mo pang mahalagang papeles.

Maaari mo ring ipaalam sa PGT na gumawa ka na ng isang committee nomination ngunit hindi ang PGT ang magtatabi ng orihinal na mga dokumento.

H. Iba pang mga Isinasaalang-alang sa Personal na Pagpaplano

Ang pagrerepaso sa mga dokumento

Tulad ng iyong testamento, mahalaga na repasuhin ang iyong mga dokumento kapag nagbago ang mga sirkumstansya sa buhay, o may pagbabago sa batas tulad ng ginawa noong 2011. May ilang mga dahilan kung bakit kailangan mong mag-update ng iyong mga dokumento. Kabilang dito ay:

- ang taong iyong pinili na gumawa ng mga desisyon ay maaaring hindi na available o kwalipikado
- may ibang tao na maaaring naging mas malapit sa iyo at mas pamilyar sa iyong kasalukuyang mga kahilingan
- maaaring may pagbabago sa relasyon
- may ibang tao sa iyong buhay na maaaring mas maraming oras at / o mayroong higit na mga kasanayan upang mamahala sa pinansyal na usapin
- kung nagbago ang iyong instructions o kaya ay lipas na sa panahon

Paggawa ng testamento

Kapag gumagawa ka ng isa o higit pang mga dokumento para sa personal na pagpaplano, isaalang-alang na pagsabayin ang paggawa o paga-update ng iyong testamento.

Ipagbigay-alam sa iba

Mahalaga na ang iyong mga dokumento para sa personal na pagpaplano ay pwedeng ma-access kung kinakailangan. Maaari mong ring kausapin ang iyong doktor at iba pang mga kasangkot na partido tungkol sa iyong mga kahilingan para sa personal na pagpaplano at pangangalaga sa kalusugan. Pwedeng mayroon kang isang “wallet card” na nagsasaad kung ano ang mga dokumentong ginawa mo, kung saan ito nakatabi at ang taong pinili mong gumawa ng mga desisyon. Maaari mo ring irehistro ang mga dokumento sa Nidus Personal Planning Resource Centre and Registry (tingnan ang Helpful Links section sa hulihan ng dokumentong ito)

Mga dokumento mula sa iba pang mga jurisdiction

Kung gumawa ka na ng isang dokumento para sa personal na pagpaplano sa ibang jurisdiction at hindi mo gustong gumawa ng bago, o walang kakayahang gumawa ng bago, ikaw o ang taong pinili mo ay dapat humingi ng legal na payo upang malaman kung ang iyong dokumento ay balido o hindi balido sa BC at kung gayon, anong mga hakbang ang dapat gawin. Halimbawa, maraming mga dokumentong ginawa sa Canada o sa United States at ilang mga bansa, ay maaaring balido at ituturing bilang EPOA o Personal/Health Care RA9 kung may ilang mga hakbang na ginawa at natugunan ang requirements.

Helpful Links

Ministry of Attorney General

<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/incapacity-planning>

Ministry of Health

<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/seniors/health-safety/advance-care-planning>

Nidus Personal Planning Resource Centre and Registry

<http://www.nidus.ca>

Tingnan ang website ng PGT para sa pinakabagong pag-update sa dokumentong ito at iba pang nauugnay na mapagkukunan.

www.trustee.bc.ca

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

LOCAL PHONE **604 660 4507**
TOLL FREE PHONE **1 877 511 4111**
LOCAL FAX **604 660 9479**
TOLL FREE FAX **1 855 660 9479**
EMAIL **AIS-PDS@trustee.bc.ca**

Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
IBA PANG LUGAR SA BC **1 800 663 7867**
email **mail@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm.*